# Hindi ko nakita ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nag-aalay sa isang lalaki,pagkatapos ni Sa`ad,narinig ko siyang nagsasabing: (( Ihagis mo,iaalay ko sa iyo ang aking ama at ina))

Ayon kay Ali-malugod si Allah sa kanya: siya ay nagsabi : Hindi ko nakita ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nag-aalay sa isang lalaki,pagkatapos ni Sa`ad,narinig ko siyang nagsasabing: (( Ihagis mo,iaalay ko sa iyo ang aking ama at ina))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalam ni `Ali-malugod si Allah sa kanya:na hindi niya nakita ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nag-aalay sa isang lalaki pagkatapos ni Sa`ad bin Abe Waqas,kung saan ay narinig niya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi sa kanya sa pakikipagsalakay sa Uhud,Ihagis mo sa mga hindi mananampalataya ang palaso,iaalay ko sa iyo ang aking ama at ina, Ibig sabihin ay: iaalok ko sa iyo ang aking dalawang magulang upang maging alay para sa iyo at tatanggap ka,At talagang napagtibay sa tumpak na Hadith na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nag-alay kay Zubayr sa kanyang dalawang magulang sa pakikipagsalakay sa Khandaq,at pinagsama ang dalawang ito sa posibilidad na si `Ali malugod si Allah sa kanya-ay hindi niya nakita ang iyon,o ang ipinapahiwatig niya doon ay ang pagtatalaga sa pakikipagsalakay sa Uhud



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee